"Representing a country of multiethnic voices:" Ang kontradiskurso ng grupong Alamat laban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismo na umiiral sa Pilipinas

Macflor Angelnina D. Vanguardia, Agatha Andrea F. Borras, Nathan Eron A. Olegario, and Leslie Anne L. Liwanag

Abstrakt

Ang Filipino boy group na Alamat ay isang multietnikong Filipino boy group na nabuo noong 2020 na may mga miyembrong Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Sebwano, Hiligaynon, Bikolano, at Waray. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga orihinal na awitin, covers, at collaboration videos ng natukoy na grupo. Sisiyasatin ng papel na ito ang pagsusulong ng Alamat ng kontra-diskursong lumalaban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa Pilipinas sa pamamagitan ng paggamit at pagkilala sa mga rehiyonal na wikang katutubo, ang pagkilala sa nagbabagong kultura na may paghahalo ng tradisyonal at makabagong kulturang Filipino, ang pagbuo ng kontra-oryentalistang pagbasag sa mga negatibong imahen ng Filipino, at ang pagpapalaganap ng multi-rehiyonal na musikang Filipino.

Keywords: Alamat, Kontradiskurso, Monokultural, Kolonyal na Nasyonalismo, Multikulturalismo

Plaridel Open Access Policy Statement

As a service to authors, contributors, and the community, *Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society* provides open access to all its content. To ensure that all articles are accessible to readers and researchers, these are available for viewing and download (except Early View) from the *Plaridel* journal website, provided that the journal is properly cited as the original source and that the downloaded content is not modified or used for commercial purposes. *Plaridel*, published by the University of the Philippines College of Mass Communication is licensed under Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International License (https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode).

How to cite this article in APA

Vanguardia, M. A. D., Borras, A. A. F., Olegario N. E. A., & Liwanag, L. A. L. (2025). "Representing a country of multiethnic voices:" Ang kontradiskurso ng grupong Alamat laban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismo na umiiral sa Pilipinas ["Representing a country of multiethnic voices:" The counter-discourse of the group Alamat against the monocultural and colonial nationalism existing in the Philippines]. *Plaridel*. Advance online publication. https://doi.org/10.52518/2025-11vaboolli

Abstract

The Filipino boy group Alamat is a multiethnic Filipino boy group formed in 2020 with Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Cebuano, Hiligaynon, Bikolano, and Waray members. The purpose of this study is to analyze the original songs, covers, and collaboration videos of the identified group. This paper will examine the promotion of Alamat's counter-discourse that resists the monocultural and colonial nationalism that exists in the Philippines through the use and recognition of regional indigenous languages, the recognition of changing culture with a mix of traditional and modern Filipino culture, the development of a counter-orientalist breakdown of negative Filipino images, and the spread of multi-regional Filipino music.

Keywords: Alamat, Counter-discourse, Monocultural, Colonial Nationalism, Multiculturalism

Introduksiyon

Marami nang mga pag-aaral ang pinagtuonan ang kasaysayan at kabuluhan ng musika sa Pilipinas kaakibat ng mga panimulang pagsisikap na makabuo ng pagkakakilanlang Filipino sa larangan ng sining. Walang-patid ang mga sangay ng agham panlipunan, humanidades, at iba pang kaugnay na larang sa pakikisangkot sa patuloy na pagbuo, pagbabago, at pagyabong ng popular na musikang Filipino.

Ayon sa pananaliksik nina Bravo et al. (2022), mahalagang palalimin, palawakin, at mas ipalaganap ang pagkakaroon ng kaalaman ng mga Filipino sa pag-aaral lalo na kung may kinalaman ito sa kultura't sining para sa mas malalim na pagkakakilanlan sa sariling identidad. Ang kultura ay isang malawak na paksa na maaaring tumukoy hindi lamang sa sining o art, kundi maging sa pagkakakilanlan na maaaring pinagmumulan ng pagkamalikhain ng mga bahagi ng isang komunidad (Rodell, 2018). Bilang isang bansang kolonisado, nagkaroon rin ng maraming impluwensiyang pumapaloob sa kultura at musikang Filipino. Kaakibat pa nito ang pagkakaroon ng mga pagbabago at pag-unlad sa teknolohiya na nagbibigay ng kakayahan sa magkakaratig na bansa na magkaroon ng pagkakatulad.

Parehas na ginagamit na depinisyon ng globalisasyon ang pagkakaugnay-ugnay ng mga bansa at unti-unting pagkawala ng kani-kaniyang kultura. Bagaman may mga positibong dala ang globalisasyon sa pamumuhay ng mga tao, naghahatid pa rin ng mga pangamba partikular na sa pambansang identidad ng mga Filipino. Ayon kay Amartya Sen (2002), itong klase ng globalisasyon na hindi nalalayo sa imperyalismo–binagong edisyon na nakaayon sa modernong pamamaraan. Saklaw nito ang dalawang isyu: ang kalinangan sa ugnayang pang- at ang paglawak ng pagitan ng mga kapitalista at mahihirap na bansa [tulad ng Pilipinas] (Santos, 2019).

Sa nasabing dalawang isyu ng globalisasyon, mahihinuhang maaaring sumailalim din ito sa usapin ng "kalayaan." Ipinagpapalagay na ang mga Filipino ay matagal nang lumaya sa kamay ng mga mananakop dahil sa pagkakaroon ng bukás at mabilis na akses sa sari-saring produkto subalit hindi maitatangging nakatali pa rin ang bansa sa mga kapitalistang dayuhan, dahilan upang patuloy na maghirap habang pinapalaki ang kita ng matagal nang mayayamang bansa (Santos, 2019).

Subalit sa panahon ng globalisasyon na nalulusaw ang mga hanggahan sa pagitan ng mga bansa at naghahalo ang mga lahi at kultura, may ilang teoryang ukol sa nasyonalismo na sumusuri sa pagkakakilanlang

pambansa bilang isang monokultural na identidad at maaaring maging makitid at hindi sapat upang ilarawan ang kasalukuyang kalagayan ng nasyonalismo. Ang lumang nasyonalismong monokultural at kolonyal ay nakabatay sa pagkakapare-pareho ng mga taumbayan sa iisang bansa at pagtanggi at pagwasak sa mga naiiba at hindi umaangkop dito.

Sa ganitong tagpo, sumasailalim ang mga natatanging kultura sa asimilasyon o pagtanggap sa namamayaning kultura, maging ang eksklusyon na ibinubukod ito mula sa mayoryang populasyon. Ayon kay Modood (2020), mas napapanahon at naaangkop ang tinatawag na multikultural na nasyonalismo, na isang paraan ng pagsasama-samang nagdidiin sa halaga ng minoryang populasyon ng isang bayan at nagtataguyod sa pagbabago ng pambansang pagkakakilanlan. Dahilan ito upang palaganapin ang pakiramdam ng pakikiisa sa lahat ng mga mamamayan nito, sa pagtugon at paglutas sa problema ng mga luma at kolonyal nang monokultural na nasyonalismo.

Sa multikultural na nasyonalismo, kinikilala ang paglalangkap sa mga minoridad na kultura sa kulturang pambansa bilang isang paglilinang dito at hindi isang paraan na asimilasyon na nagbubura sa kanilang identidad. Nakikita ni Modood (2020) ang posibilidad ng mapayapang pagkakasundo ng magkakaibang mga kultura sa ilalalim ng isang pambansang pagkakakilanlan dahil, kahit na kinikilala ng multikultural na nasyonalismo ang pagkalehitimo ng pagkilala sa kultura ng mayorya, itinatanggi nito na may kalayaan ang mayorya na tanggihan ang paglangkap sa kultura ng minorya dahil lamang hindi sila tugma sa kultura o pakiwari ng mayorya at dahil hindi naman sila nanlalapastangan sa liberal na demokratikong kalayaan ng iba (author translation from Modood, 2020, p. 310). Sa bansang tulad ng Pilipinas kung saan umiiral ang hihigit sa 180 pangkat etnolingguwistiko, makikita ang halaga ng ganitong oryentasyon na nagbibigay pagkilala, boses, at ingklusyon sa mga kultura at pagkakakilanlang nasa laylayan ng sosyo-politikal na buhay ng estado.

Alinsunod dito, maituturing ang Filipino boy group na Alamat bilang isang multietnikong Filipino boy group na nabuo noong 2020 na may mga miyembrong Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Sebwano, Hiligaynon, Bikolano, at Waray. Layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang mga orihinal na awitin, covers, at collaboration videos ng natukoy na grupo. Sisiyasatin ng papel na ito ang pagsusulong ng Alamat ng kontra-diskursong lumalaban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa Pilipinas sa pamamagitan ng paggamit at pagkilala sa mga

rehiyonal na wikang katutubo, ang pagkilala sa nagbabagong kultura na may paghahalo ng tradisyonal at makabagong kulturang Filipino, ang pagbuo ng kontra-oryentalistang pagbasag sa mga negatibong imahen ng Filipino, at ang pagpapalaganap ng multi-rehiyonal na musikang Filipino.

Ipinagpapalagay ng papel na ito na itinataguyod ng Filipino boy group na Alamat ang isang uri ng multikultural na nasyonalismo sa pamamagitan ng kanilang pag-iral bilang isang multikultural na pangkat ng mga artistang Filipino at kanilang natatanging sining na nagmumula sa nagkakaibang mga kulturang Filipino.

Ilang mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Musikang Filipino

Maituturing na mayaman ang historikal na pag-unlad at ebolusyon ng popular na musika sa Pilipinas, mula sa mga tradisyonal na kundiman hanggang sa makabagong Pinoy Rock at Taglish na mga awitin. Mababakas na malaki ang naging impluwensiya ng kolonyalismo at ang pagtanggap ng kulturang Amerikano sa paghubog ng lokal na musika na bahagi ng kultura at lipunang Filipino.

Ayon kay Fernandez (1981), nanindigan na unang itinuring na *pop music* ang mga awiting kundiman, sarsuwela, love songs, street songs, at children's songs. Sinundan ng pagturing na *pop music* sa Pilipinas ang popular na musikang Amerikano. Sang-ayon sa nakaraang artikulo mula kay Cordero-Fernando (2008), natunghayan ang elementong imitasyon noong 1970s lalo na kina Joey Smith at bandang Juan de la Cruz, ang *Pinoy rock* na maituturing na Kanluraning *heavy rock*. Sinundan ng pagsikat ng mga awiting *Taglish* (Tagalog at Ingles) ng Hotdog at mga Amerikanong awiting nilapatan ng mga salin ng makatang si Rolando Tinio. Pagdidiinan ng artikulo na matutukoy lamang ang musikang *Pinoy* (impormal na pagtukoy sa mga Filipino) sa liriko na ukol sa buhay at bumabagabag sa lipunang Filipino.

Buhat nito, matutunghayan din ang kahalagahan ng musika sa pagpapaunawa ng politikal na atmospera sa Pilipinas, partikular na noong panahon ng Batas Militar. Maituturing ang musika bilang anyo ng protesta, na nagbibigay-boses sa saloobin ng mga mamamayang laban sa mga mapang-aping puwersa sa lipunan.

Matutunghayan ito sa *Problematizing the popular: the dynamics of Pinoy pop(ular) music and popular protest musi*c ni Teresita Gimenez Maceda (2007), sinuri ang mga nabuong popular at awiting protesta

noong diktadurang Marcos mula 1972 hanggang 1986. Ipinakita ng papel na ang deklarasyon ng Batas Militar ang naging estimulo para sa *Pinoy pop music* noong kalagitnaan ng 1970s hanggang 1980s. Sa gitna ng matagal na paghahari ng American pop music sa industriya, sumibol ang mga awiting humamon sa maka-Kanluraning sistema ng edukasyon at nagbunga ng mga paninindigan sa mga sosyo-politikal na pangyayari sa Pilipinas. Nagbukas ito ng napakaraming potensiyal para sa mga makabagong anyo ng popular na musika na kalaunang kinilala bilang Pinoy rock o Pinoy pop music.

May ilan ding pag-aaral na tumatalakay sa duwalidad ng pagtanggap sa popular na musikang Filipino, na malawakang kinagigiliwan ng masa ngunit kritikal na tinitingnan ng mga elit. Sa kabila nito, tinitingnan pa rin ang malakas na lokal na pagkakakilanlan sa kabila ng dominante at komersiyal na impluwensya ng Kanluran.

Sa maikli ngunit komprehensibong artikulo na *Identifying Pinoy pop* ni Gilda Cordero-Fernando (2008), inilarawan ang salitang *pop* at ang mga elementong kaakibat sa kontekstong Filipino. Sa pamamagitan ng *mass media*, ang *pop* ay madaling napapansin dahil pangkalahatang tinatanggap ng masa. Sa isang banda, kadalasang may mababang pagtingin ang *pop* mula sa mga elit dahil sa pagkabakya o pagkabaduy. Isang penomenong urban ang *pop* na may elementong komersiyal tulad ng Metro Manila Popular Music Festival (kilala bilang Metropop). Isa itong patimpalak sa pagsulat ng mga awitin na kumikilala sa mga bagong komposisyon na musikang Filipino. Hindi mawawala sa *pop* ang imitasyon ng mga Kanluraning *pop idol,* ngunit nagniningning ang sariling atin sa proseso ng kultural na integrasyon.

Alinsunod dito, hindi maitatanggi na may mga pananaliksik ding nagsabi na mahalaga hindi lamang sa pagtukoy sa kasalukuyang estado ng musikang Filipino kundi pati na rin sa pagbibigay ng konteksto sa kung paano ito nakakaimpluwensiya at nakakapagpahayag ng kultural na identidad ng Pilipinas sa modernong panahon.

Sa *Genre classification of OPM songs through the use of musical features* nina J. A. Deja et al. (2016), kinasangkapan ang kwantitatibong pananaliksik sa klasipikasyon ng musika sa mga espesipikong genre ng Original Pinoy Music (OPM) tulad ng gospel, rock, soft rock, acoustic, rap, children, Christmas, jazz, reggae, at special category. Kahit pa na maraming pag-aaral ang kinakailangang gawin sa pagsusuri ng mga musikal na katangiang partikular para sa OPM, makabuluhan ang pananaliksik sa pangkalahatang pagkakatatag na maaaring makabilang

sa kategoryang OPM ang mga pagtatanghal at mga komposisyong may iba't ibang genre at estilo na inisip at binuo ng mga Filipino.

Sa *P-pop power: A guide to rising P-pop groups* ni Ysa Abad (2022a), tinukoy na taong 1990s nagmarka ang mga grupong Philippine Pop (Pinoy pop o P-pop groups) sa paglunsad ng grupong Sexbomb Girls, na nagsimula bilang back-up dancers ng noontime show na Eat Bulaga, at pagsikat ng grupong Streetboys, na kinilala sa back flips at iba pang gymnastic moves na nabuo ng tanyag na direktor na si Chito S. Roño. Tinukoy ng artikulo na 2020s nagsunod-sunod ang mga bugso ng P-Pop groups hindi lamang sa lokal na entablado, bagkus maging sa global na eksena.

Simula ng taong 2020s, natukoy na nagmarka bilang natatanging panahon sa industriya ng musika ang hindi mapigilang pagningning ng P-pop idol groups sa Pilipinas. Alinsunod dito, layunin ng pag-aaral na suriin ang mga orihinal na awitin, covers, at collaboration videos ng Filipino boy group na Alamat na bahagi ng mga nakapaglabas ng musika taong 2020. Nanindigan ang papel na ito na isinusulong ng Alamat ang kontra-diskursong lumalaban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa Pilipinas, tulad ng mga sumusunod: ang paggamit at pagkilala sa mga rehiyonal na wikang katutubo, ang pagkilala sa nagbabagong kultura na may paghahalo ng tradisyonal at makabagong kulturang Filipino, ang pagbuo ng kontra-oryentalistang pagbasag sa mga negatibong imahen ng Filipino, at ang pagkilala, pagpapalakas, at pagpapalaganap sa mga rehiyonal na musikang Filipino.

Ang pag-usbong ng P-pop groups sa Pilipinas at ang Filipino boy group na Alamat

Mula unang bahagi ng taong 2010 hanggang sa tumungtong ng taong 2020, malawak ang naging ebolusyon ng panlipunan at kultural na paggigiit ng Asyanong pagkakakilanlan ng mga P-Pop group. Ayon sa "New AKB48 sister groups to be formed in Manila, Bangkok and Taipei" (2016), Maaaring matunghayan sa mga P-Pop group ang pagsasanib ng kultural na daluyong na Koreano at kultural na bugso ng Hapon.

Makikita sa Pigura 1 ang MNL48, na isang Filipino girl group na nagbunsod ng makabagong panlasa para sa P-pop (na kinilalang subgenre ng OPM). Mula noong maitatag noong 2018, nakilala ang grupo bilang pangatlong pandaigdigang kapatid ng girl group ng mga Hapon na AKB48, kasama ang paglunsad ng JKT48 ng mga Indonesyo at pag-usbong ng BNK48 ng mga Thai.

Pigura 1.

MNL48: Pioneers of Modern P-Pop.

Note: Image from MNL48 Official Website (2025). Copyright 2025 by MNL48.ph.

Sa Pigura 2, matutunghayan ang SB19, isang makasaysayang grupong may limang miyembro na nagsimula sa impluwensiya ng kompanyang Koreanong bumuo nito. Kinilala ang SB19 bilang unang P-Pop group na naging nominado sa kategoryang Billboard Music Awards Top Social Artist at naungusan ang Koreanong grupong BTS sa Billboard's Hot Trending Songs chart. Nagdaan ang SB19 sa matinding pagsasanay sa loob ng tatlong taon na naging simbolo ng kolaborasyon ng Korea at Pilipinas.

Buhat nito, inilunsad din ng ABS-CBN Star Hunt Academy ang mga grupong BGYO (na nasa Pigura 3) at BINI (na nasa Pigura 4).

Sa Pigura 3, masasaksihan ang BGYO (dating Star Hunt Academy Boys o SHA Boys), isang Filipinong boy group na nakatungtong sa Next Big Sound Chart ng billboard Music Awards matapos ang debut at naging nominado rin bilang Best International Music Act sa Brazil. Ang grupong BINI (mula sa salitang Tagalog na "binibini"), ay isang grupo ng kababaihan na kumakatawan sa modernong Filipina (Requintina, 2020).

Pigura 2.

Justin, Pablo, Stell, Josh and Ken of SB19.

Note: Image from Llemitl (2025). Copyright 2025 by PhilStar Global.

Pigura 3.

“BGYO”

Note: Image from Arambulolive.com (2022). Copyright 2022 by Arambulo Live.

Pigura 4.

"BINI."

Note: Image from BINI_ph (2023). Copyright 2023 by BINI_ph Facebook Page.

Sa artikulong *8 more trailblazing P-pop groups to start stanning immediately* ni Angelica Joy Mendoza (2022), hindi na mapipigilan ang patuloy ang pag-usbong at pamamayagpag ng mga grupong P-Pop. Patunay ang mga kamakailang nabuong grupo tulad ng sumusunod: ang LITZ ("Life In The Sunshine, ang letrang S na estiladong letrang Z) na may limang miyembrong girl group sa ilalim ng Viva Entertainment; ang Press Hit Play, ay may anim na miyembrong boy group sa ilalim ng Evolution Music Group at Evosound; ang KAIA, ay dating sister group ng SB19 at kauna-unahang in-house P-pop girl group na nasa ilalim din ng ShowBT Entertainment; ang 1st.One, ay may anim na miyembrong boy group na nasa ilalim ng FirstOne Entertainment, isang kompanyang namamahala ng mga talent na nakabase sa Seoul, Korea; ang Daydream, ay binubuo ng apat na miyembrong girl group sa ilalim ng Rebel Records na sumikat sa livestreaming application na Kumu; ang VXON (binibigkas bilang "vision"), ay may limang miyembrong boy group na nasa ilalim ng Cornerstone Entertainment; at ang R Rules (dating Japh Dolls), ay isang girl group na may mga miyembrong bihasa sa Wikang Filipino, Ingles, at Hapon.

Masasabing narating rin ang rurok ng P-pop nang magkakaroon ng 2022 PPOPCON sa parehong taon nang masulat ang pananaliksik.

Kung saan ibinahagi ni Andhie Salutin ang project manager ng 2022 PPOPCON, sa artikulo ni Abad (2022b), na pangunahing tunguhin ng 2022 PPOPCON na maiparanas sa mga tagahanga ng P-pop ang pagdiriwang ng kanilang lumalaking komunidad sa pinakaunang event na saklaw ang iba't ibang artista ng P-pop.

Sa parehong taon ng 2022 PPOPCON, nagkaroon din ng mga panibago pang grupo na nagsimula sa mga talent reality show, ito ay matapos magtagumpay ng PWEDE! The National Boyband Search! na pinagmulan ng grupong Alamat (Llemit, 2021). Unang inilabas ang Top Class sa network ng TV5 kung saan itinuturing itong lokal na reality competition show na nakabuo ng 5-member P-pop group sa loob ng sampung linggo.

Isang taon ang nakalipas, taong 2023, nang magkaroon ng panibagong reality show sa Pilipinas na mayroong kaparehong ayos o format sa palabas na Produce 101 ng Timog Korea na ipinalabas sa ABS-CBN Entertainment (Bautista & Bautista, 2023). Tinawag ang palabas na ito bilang Dream Maker Philippines na mayroong 62 "Dream Chasers" bilang kalahok at pito (7) lamang ang nagwagi na tinawag bilang grupong global pop na Hori7on.

Sa gitna ng paglulunsad ng iba't ibang grupo ng P-pop sa Pilipinas, maituturing na natatangi ang Alamat bilang isang Filipino boy group.

Mula sa Pigura 5, makikita na isa itong multietniko at multikultural na grupong pinagsanib ang mga wika sa bansa na kumakatawan sa mga miyembro nito–Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Sebwano, Hiligaynon, Bikolano, at Waray. Noong 2020, nagsimula ang Alamat na may siyam na miyembro sa ilalim ng pamumuno ng Viva Artist Agency at Ninuno Media, sa pamamagitan ng PWEDE: The National Boyband Search.

Sa kasalukuyan, ang grupong Alamat ay may anim na miyembro na nagmula sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas: si Alas na mula sa Davao; si Tomas na mula sa Albay; si R-Ji na mula sa Eastern Samar; si Jao na mula sa Pampanga; si Mo na mula sa Zambales; at si Taneo na mula sa Kalinga (Liwanag, 2021). Nagkakaisa ang grupo sa kolaboratibong pagpupursigi sa pag-awit, pagsayaw, pagra-rap, pagsulat ng mga liriko, at pagtugtog ng mga instrumento. Bahagi ng pambansang proyekto ng grupong Alamat, kinikilala nila ang mga tagahanga at tagasuporta sa katawagang "Magiliw."

Nakompleto ang pagpakete sa Alamat bilang P-pop idols sa pamamagitan pakikipagtulungan ni Jason Paul Laxamana bilang creative director, na tiniyak ang pagsasanib ng mga wika sa mga awitin;

Pigura 5.

Kilalanin ang members ng Alamat.

Note: Image from Viva TV (2021). Copyright 2021 by VIVA TV.

si Zebedee Zuñiga bilang vocal coach, at si Jim Amen bilang dance coach, na nanindigan sa patuloy na pagsasanay ng grupo; at si Bang Pineda bilang fashion stylist, na hinangad na pag-isahin ang kultural na pamanang Filipino at modernong pop music sa kanilang mga pananamit (Salterio, 2021).

Isa rin namang ibinahagi ni Laxamana (2021) ang paunang bahagi ng kaniyang tesis sa kolehiyo na pinamagatang Regional OPM: Breaking through the national mainstream, kung saan makikitang pangunahing pokus ng papel ang kultura, identidad, kasaysayan, at higit sa lahat ang paggamit ng wika sa musikang Filipino na isa sa mga nagtulak sa pagbuo ng Alamat. Bilang isang Filipinong may lahing Kapampangan (Limlingan, 2019), lumilitaw na nakapokus ang adbokasiya ni Laxamana sa wikang rehiyonal na siya ring pangunahing paksa ng kaniyang tesis na nag-ugat sa kaniyang binanggit sa tesis na hindi na gaanong pinatutugtog sa

Talahanayan 1.

Mga Miyembro ng Grupong Alamat, Mga Lugar na Pinanggalingan, at Wikang Ginagamit.

Pangalan ng Miyembro	Lugar ng Pinanggalingan	Wika
Alas	Davao	Bisaya (Dabawenyo)
Tomas	Albay	Bikolano
R-Ji	Eastern Samar	Waray
Jao	Pampanga	Kapampangan
Mo	Zambales	Zambal
Taneo	Kalinga	Ilokano, Kalinga

radyo ang mga awiting gumagamit ng rehiyonal na wika hindi tulad ng mga awiting nasa wikang Filipino o Ingles.

Kaya naman, masidhing tinutukan ni Laxamana ang pamimili ng miyembrong magiging kabahagi ng grupo at pangunahin niyang tinitingnan ang pagkakaroon ng kakayahan ng mga sumasali sa pagsala na maging matatas sa kanilang wikang ginagamit sa kanilang probinsiya. Bilang karagdagan, ayon din kay Laxamana (Laurena, 2021) na bukod sa talento at husay sa wika, naging mahalaga rin sa kanilang pagsala ang dedikasyon at karakter ng mga miyembro. Ipinakita naman ng masidhing proseso na isinagawa para sa paghahanap ng mga miyembro ang kakayahan ng Alamat na magkaroon ng karangalan sa pagiging pangalawang P-pop group na nakapasok sa Billboard chart at ang may pinakamabilis na pag-usbong na Pinoy act sa Billboard Next Big Sound chart. Sinundan nila ang SB19 na unang P-Pop group na nakapasok sa listahan noong 2019 (Llemit, 2021).

Ayon kay Laxamana (in DANUM DLSU, 2021), pinangalanan itong Alamat sapagkat: maiuugnay ang salitang alamat sa "heritage" o pinanggalingan (gaya ng alamat ng Mangga, Pinya, at iba pa); at personal na nahumaling si Laxamana sa pangalawang kahulugan ng alamat na isang batikan o beterano. Isa sa naging pangunahing adbokasiya na nais ni Laxamana na uminog sa grupo ang pagiging mga tagapaghatid ng musikang pupukaw sa pagka-Filipino at ang paggamit sa musika upang makapagbigay pagpapa-alala sa tunay na pinagmulan ng mga Filipino.

Mula sa Pigura 6, kapansin-pansin ang grupong ito sapagkat ipinakita sa kanilang unang music video ang mga disenyo at mga

Pigura 6.

"ALAMAT - 'kbye' (Official M/V)."

Note: Image from VIVA TV, 2021. Copyright 2021 by VIVA TV.

habi ng kanilang indibidwal na kasuotang suot ng bawat miyembro na nagmumula sa mga pinagmulang etnolingguwistikong pangkat. Gumagamit din ang grupo ng pito o higit pang mga wika sa kanilang mga lirikong nakasulat sa kanilang kani-kaniyang mga rehiyonal na wika kasama na ang pambansang wikang Filipino.

Kinikilala at lubos na ipinapakita ng grupo ang pagkakakilanlang Filipinong hindi lamang nakaangkla sa nag-iisang kultura katulad na lamang ng ibang mga nagdaang grupo ng P-pop sa bansa. Maituturing ang pangkat bilang katangi-tangi sa larangan ng popular na musikang Filipino kung saan patuloy na namamayani ang mga banyagang artista tulad ng BTS, Taylor Swift, at Doja Cat at ilang mga mang-aawit na Filipino na umaawit lamang sa Ingles at sa pambansang wika tulad ng SB19, 1st.ONE, at Baby Blue. Higit sa lahat, kabahagi ang mga miyembro ng grupo sa sumusulat ng kanilang mga lirikong orihinal o isinasalin sa wikang rehiyonal.

Samantala, patuloy pa rin ang pagkalat ng impluwensiyang kultural ng mga Koreano sa Pilipinas dahil sa malaking papel na ginagampanan ng kanilang entertainment industry. Dahil na rin sa suporta ng unang mga naging tagahanga ng Kpop sa mga palabas, musika, at iba pang produktong Koreano ay mas lalong napapakalat ang banyagang impluwensiya. Nakapagdulot ito ng cultural contact o ng pagkakaroon ng koneksiyon sa isang kulturang banyaga at dahil sa ginawang nation

branding ng Koreanong gobyerno na ipinapakita sa mga produktong pang-entertainment ay mas lalong humanga ang maraming mga Filipino. Pinag-aralan nila Wonho at Jung (2019) ang iba't ibang naging epekto ng mga Filipinong Kpop fans sa pagpapakalat ng cultural contact. Napag-alaman nilang positibo ang pagtanggap ng mga Filipino sa Korean wave kung kaya't mas napapabilis at mas napapalaganap ang Koreanong impluwensiya dahil sa pagrerekomenda ng fans sa kanilang mga kakilala, kapamilya, maging sa internet na tingnan o subukan ang mga produktong Koreano lalong-lalo na ang pagsuporta sa mga grupong Kpop (Wonho & Jung, 2019).

Siniyasat naman ni Sun (2020) ang fan labor o ang iba't ibang klaseng pagsuporta na ginagawa ng fans upang pasikatin o suportahan ang kanilang mga idol sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-obserba sa kakaibang dedikasyon ng mga Kpop fans na makilahok sa mga event na may kinalaman sa Kpop tulad ng concerts, mga panayam sa iba't ibang grupo, pagsuporta sa mga promotion, at maging pagbili ng kanilang mga merchandise. Lahat ng mga ito ay makapagdudulot ng pagpapalaganap ng impluwensiyang banyaga at higit na paglaki ng entertainment industry ng Korea.

Mula sa Pigura 7, makikita na ang patuloy na paglaganap at paglaki ng entertainment industry ay patuloy din ang paggawa ng mga kultural na produkto ng Korea upang ipakalat sa iba't ibang mga bansa gaya ng Tsina at Pilipinas. Pagkadesmaya sa kalidad ng mga produktong gawang lokal na entertainment industry ang nakita bilang pangunahing rason sa pagsuporta ng fans sa mga kultural na produkto ng Korea, lalong-lalo na sa Kpop (Sun, 2020)

Ang tagumpay ng Korean wave sa bansa, sa rehiyong Timog Silangang Asya, at sa buong mundo ay kadalasang itinuturing bilang isang bagong gahum pangkultura na may kakayahang banggain ang dating namamayaning maka-Kanluraning gahum na nakaugat sa kultura ng Estados Unidos at Hollywood (Huang, 2009). Bilang panibagong gahum pangkultura, itinatampok ng Korean wave ang kulturang Koreano bilang isang modelo, makabago, at nakaaangat na kultura kompara sa mga bayang tumatatanggap at kumukonsumo nito. Ang gahum na ito ay nagdudulot ng iba't ibang mga bentaha sa Timog Korea sa pamamagitan ng pag-angat ng kita mula sa kanilang mga eksport na produkto, pagdami ng mga turistang bumibisita sa kanilang bansa, paglawak ng interes ng buong mundo sa kultura at wikang Koreano, at sa pagbuti ng ugnayan nila sa iba pang mga bansa kaya naman napakalaki

Pigura 7.

Ang Korean Wave sa Pilipinas. "How Did The Korean Wave Start in the Philippines?"



Note: Image from Rec•Create (2021). Copyright 2021 by Rec•Create.

rin ng suportang inilalaan ng pamahalaan ng Timog Korea sa kanilang mga industriyang pangkultura upang panatilihin ang tagumpay na ito.

Para naman sa mga bansang kumukonsumo at nahuhumaling sa Korean wave, lumalabas ang ilang panganib na dulot ng gahum pangkultura ng Korea sa pamamagitan ng pakikipagtagisan ng mga produktong pangkultura ng Korea sa sariling mga produkto ng bansa na nauuwi sa pagiging atrasado ng ilang industriya at sa mas malabis pa ay ang ganap na pagkabura ng mga ito. May ilang bahagi na ng populasyon ng mga bansa sa Timog Silangang Asya na nagpahayag ng kanilang pag-aalala ukol rito (Ainslie et al., 2018). Tahasang ipinahayag ng Ninuno Media sa isang panayam ng Philippine Entertainment Portal o PEP na binuo ang Alamat na may kontra Kpop na layunin na nangangahulugang gumagamit ito ng ilang matagumpay na estratehiya ng Kpop sa pagpapalaganap naman ng kulturang Filipino.

Hinango ng Ninuno Media ang paraan ng pagsasanay sa mga miyembro ng Alamat sa mahigpit na screening process at matagal na paghubog sa kani-kanilang mga talento na masasabing isang pagkilala sa formula na ginagamit ng ilang ahensiya sa Kpop ngunit kalakip nito ang mas mahigpit na pangangailangang matatas magsalita ang mga miyembro sa kanilang native dialect o mother tongue upang matanggap sa grupo (Gabinete, 2021). Ang naging resulta ay isang sing-dance-rap

boy group na nagtataglay ng mga katangiang mayroon ang mga grupong Kpop ngunit may pagkakakilanlang Filipino at nagtataguyod ng pagka-Filipino sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang katutubong wika sa musika. Sa unang tingin ay maaaring mapagkamalang Kpop group ang Alamat subalit kapag narinig na ang kanilang musika, madaling mapansin na ito ay tunay na tatak Filipino.

Sinasalamin ng Pilipinas ang isang bansang nagtataglay ng multietniko, multilinggwal, multikultural na mga katangian. Tinutukoy ang pagiging multietniko ng Pilipinas dahil binubuo ng mga indibidwal na nagmumula sa iba't ibang etniko o lahi. Isinasaad na nagtataglay ito ng may magkakaibang pinagmulan o lahing naninirahan sa isang partikular na lugar. Mas nakatuon ito sa pisikal na pagkakaiba-iba ng mga indibidwal alinsunod sa kanilang pinagmulan o kanilang lahi. Habang tinutukoy ang pagiging multilingguwal ng Pilipinas dahil binubuo ito ng mga indibidwal na may iba't ibang wika. Mas nakatuon ito sa lingguwistikong kakakayahan at umiiral na iba't ibang wika sa iisang bansa.

Samatalang tinutukoy ang pagiging multikultural na estado ng Pilipinas dahil sa pagsasama-sama ng iba't ibang kultura at etniko sa bansa. Ipinagsama ng mga Espanyol ang mga dating monokultural na katutubong tribu sa isang teritoryo, ngunit pinanatili ang kanilang pagkakaiba-iba. Sa paglipas ng panahon, naging isang multikultural na teritoryo ang Pilipinas hanggang dumating ang mga Amerikano at sakupin ang Pilipinas. Sinimulan nila ang proseso ng monokulturalisasyon sa pamamagitan ng kanilang wika, sistema ng edukasyon, at ideolohiya ng asimilasyon. Ngunit gayong natamo ang kalayaan mula sa mga dayuhan, nanatiling multikultural at hindi naging ganap na monokultural na Pilipinas. Ang panukalang federalismo ng ilang mambabatas sa bansa upang maipatupad ang pagsasama-sama ng mga kultura at politika sa Pilipinas, ay nagpapakita ng pagkilala sa multikultural na estado ng Pilipinas (Demeterio, 2009).

Sa kabilang banda, ang konsepto ng multikulturalismo ay tinutukoy ang isang kamalayan sa isang lipunan o bansa gaya ng Pilipinas na binubuo ng iba't ibang kultura na may iba't ibang, ngunit natatanging, paniniwala, tradisyon, wika, at pagkakakilanlan. Napatunayang kung mapapalakas ang kamalayang multikulturalismo sa Pilipinas, na may malawak na kultural at etnikong pagkakaiba-iba (tulad ng Ilokano, Bisaya, Tagalog, at marami pang iba), maaaring makatulong ito sa pagpapahalaga sa mga kultural na pagkakaiba-iba at pagtataguyod ng

pantay na karapatan para sa lahat ng mga mamamayan (Demeterio, 2009). Ang pangunahing layunin ng kamalayang multikulturalismo ay pagkilala at pagpapahalaga sa kultural na pagkakaiba-iba at ang pagpapalawak ng mga karapatan at oportunidad para maraming maliliit na bansa sa loob ng isang estado.

Naninindigan ang pananaliksik na ito na instrumental ang grupong Alamat upang paigtingin ang kamalayang multikulturalismo, habang pinalalakas ang diwa ng nasyonalismo sa pamamagitan ng rehiyonalismo. Ang rehiyonalismong ito ay hindi nararapat mabahiran ng etnosentrismo at diskriminasyon, datapwat isang rehiyonalismong may malaking pakinabang sa pagbubuo ng isang multikultural na estado na may "kamalayang handa, mangangalaga, magpapahalaga, at magmamalaki sa sariling pang-etnikong kultura para hindi ito matatabunan sa monokulturalismong umiiral mula sa mga imperyal na lungsod at mas global na kaayusan" (Demeterio, 2009).

Metodolohiya

Pinag-aralan ng mga mananaliksik ang mga kanta ng Alamat na nakapaskil sa kanilang YouTube channel noong buwan ng Pebrero taong 2022, sa panahon ng pagsulat ng papel: dalawang song covers mula sa mga kantang "Hindi Tayo Pwede ng The Juans: at ang Wala na bang Pag-ibig ni Jaya; pakikisama sa isang kantang para sa produkto o collaboration song sa Coke Studio Philippines (2021) kasama ang isa pang artistang si Iñigo Pascual sa "Tibay 'Yan"; at ang lima nilang mga kanta o single na pinamagatang "kbye," "Sandigan," "kasmala," "Porque," at "ABKD."

Mula rito, nagkaroon ng indibidwal na sipi sa paraan ng semyotika ang mga mananaliksik tungkol sa nilalaman ng mga video, mga liriko, at maging sa nilalaman ng mga caption nito na nagtataglay ng paraan ng panghihikayat ng grupo sa mga tagapagtangkilik nito. Kung saan, semyotika ang pagbibigay ng kahulugan sa mga pananda tulad ng mga letra, tunog, retrato, at iba pa. Mula sa pananaw ni Maya Pines (in Berger, 2014), patuloy lamang ang pagbuo ng mga tao ng mga pananda at patuloy rin ang pagbuo ng mga pananda ng mga nilalang. Mabibilang na rito ang mga mensaheng maaaring nakukuha sa musika, mga kilos, pagkain, mga ritwal, libro, palabas, o sa mga patalastas na ating nasasagap nang kahit hindi tayo malay rito.

Makikita sa Pigura 8, na ang konsepto ng teorya ni Charles Sanders Peirce (1839-1914) ang ginamit sa pananaliksik na nagpapakita ng

Pigura 8.

Pinasimpleng Modelo ng Sign ni Peirce



Note: Image from Vanguardia et al. (2025). Copyright by Vanguardia et al.

tatlong mahahalagang elemento ng semyotikang napapaloob sa pananda: i) ang *signifier* o *representamen* ang anyo o tunog nito; ii) ang *referent* bilang isang bagay na umiiral sa mundo o ang sinsasagisag ng pananda, at iii) ang *interpretant* na siyang konsepto sa likod ng pananda (Atkin, 2022).

Sa mga video, mga liriko, mga tunog, mga sayaw, disenyong pamproduksiyon, mga kasuotan, at mga larawan ay may mga panandang kakikitahan ng mga mensahe at kani-kaniyang kahulugan. Ayon rin kay Peirce, isang paraan ang mga pananda upang magkaroon ng daloy ng komunikasyon at mabigyan ng sapat na kahulugan ang bawat bagay na nasa paligid (Yakin & Totu, 2014).

Isa ang semyotika na lunsaran ng komunikasyon sa samot-saring paraan ng mga manlilikha upang maiparating ang mga mensaheng nais nilang matanggap ng kanilang mga tagapagtangkilik. Kaya naman, naging pamantayan din ang inilunsad na concept teaser ng grupong Alamat o ang kanilang paglulunsad ng video kung saan kanilang binigyan ng diin ang kanilang adbokasiya bilang mga Filipinong nagmumula sa multikultural na kaakuhan na tumatalakay sa pagdiriwang ng pinagmulan ng mga Filipino habang nakikipagsabayan sa makabagong daigdig. Sinuri dito ang mga nakamit ng kanilang pagpapahalaga sa wika, kultura, at pagkakakilanlang Filipino na kontra sa kaisipang monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa bansa dahil

sa pag-iral ng kolonyalismong pag-iisip na umiinog sa kanluraning kamalayan.

Mga estratehiyang ginagamit ng grupong Alamat para labanan ang monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa bansa

Bilang isang pangkulturang produkto na nagmumula sa isang korporasyon, maituturing ang Alamat na bahagi ng tinatawag ni Adorno at Horkheimer na mga industriyang pangkultura ng kulturang popular na nagluluwal ng mga estandardisadong mga produkto na paglaon ay nagluluwal din naman ng mga estandardisadong mga tao. Sa madaling salita, may kakayahan at malay na ginagamit ng estado at naghaharing uri ang kulturang popular upang baguhin at hubugin ang pakiwari, pagpapahalaga at kultura ng mga taong kumukonsumo nito. Subalit sa kasalukuyang panahon ng online media at iba pang mga teknolohikal na pagbabagong nagbibigay ng pagpapasiya sa madla, maituturing na posible nang tanggapin at gamitin ng madla ang kulturang popular para sa kanilang sariling mga adhikain na maaaring kontra o laban sa

Talahanayan 2.

Mga Petsa ng Release, Pamagat ng mga Awitin, at Uri ng Release na Sinuri

Petsa ng Release	Pamagat ng Awitin	Uri ng Release
18 Nobyembre 2020	ALAMAT - Hindi Tayo Pwede [cover]	Song Cover
15 Enero 2021	ALAMAT - Wala Na Bang Pag-Ibig [cover]	Song Cover
14 Pebrero 2021	ALAMAT - 'kbye' (Official M/V)	Original
29 Mayo 2021	ALAMAT - 'Sandigan' (Official Lyric Visualizer)	Anitu comic book theme song
18 Hunyo 2021	ALAMAT x Inigo Pascual - Tibay 'Yan (Official Audio)	Coke Studio advertisement collab
15 Hulyo 2021	ALAMAT - 'kasmala' (Official M/V)	Original
21 Oktubre 2021	ALAMAT - 'porque' (Official M/V)	Cover Single
14 Pebrero 2022	ALAMAT - 'ABKD' (Official Lyric Video)	Lyric

ideolohiya ng naghaharing uri. Ayon kay Tolentino (2003), ang kulturang popular ay maituturing nang isang "tereyn ng tunggalian" kung saan nagbabangaan ang interes ng estado't naghaharing uri at ang kritikal at progresibong masa na nagsusulong ng pagbabago sa lipunan.

Sa talahanayan 2, sinusuri ang mga sumusunod na listahan ng mga video, kung saan tiningnan ang kontra-diskurso na isinusulong ng pangkat na Alamat bilang mga artista at Filipino na nagmumula sa iba't ibang mga etnolingguwistikong pangkat laban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa bansa. Ginagamit nila ang kanilang plataporma bilang mga manlilikha sa paraan ng kanilang mga video, liriko, tunog, sayaw, disenyong pamproduksiyon, kasuotan, at iba pang mga larawan upang maiparating ang kanilang paglaban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa bansa.

Ang Paggamit ng Iba't Ibang Rehiyonal na Wika: Ang malay at may layuning paggamit ng iba't ibang rehiyonal na wikang Filipino sa kanilang konsepto, musika, pagpapakilala, mga patalastas at halos sa lahat ng aspekto ng kanilang pag-iral bilang isang grupo. Katulad ng nauna nang nabanggit, isa sa mga pangunahing dahilan ng pagbuo sa pangkat na Alamat ang masalimuot na katotohanang naisasantabi at nakakalimutan sa kasalukuyang popular na musika ng bansa ang mga kulturang katutubo at sa mas malala pa ay tahasang ibinabaon ng tanyag at dominanteng musikang nagmumula sa mga urbanisadong sentro sa bansa at sa mga banyagang gahum. Ang mga rehiyonal na wikang Filipino ay makailang beses nang nalagay sa mabuway na posisyon sa gitna ng mga proyekto sa nasyonalismo na naglayong bumuo ng nag-iisang pagkakakilanlang Filipino sa pamamagitan ng pag-iinstitusyonalisa ng isang wikang pambansa. Sa kasalukuyan, maging ang pambansang wikang Filipino ay masasabing hindi pa rin lubusang namamayani laban sa wikang Ingles na siya pa ring nagiging pangunahing wikang gamit sa mga opisyal na komunikasyon ng pamahalaan at maging ng edukasyon sa pamantasan.

Bahagi ng kolonyal na edukasyong tinanggap ng mga Filipino mula sa Estados Unidos ang pag-iisip na tanging wikang Ingles lamang ang wika ng demokrasya at burukrasya na sapat ang pagkaintelektuwalisado upang magamit sa mga masikot na mga sistema ng pamamahala (Constantino, 1966). Sa ilalim rin ng edukasyong ito nabuo at napalaganap ang ideya na ang mga wikang rehiyonal ng bansa ay tanging mga diyalekto o pag-iiba sa wikang Tagalog na hindi maitituring bilang ganap na wika at samakatwid, ay kopya lamang o mas mababang uri ng wika.

Sa walong awitin at music video ("Hindi Tayo Pwede," "Wala na bang Pag-Ibig," "kbye," "Sandigan," "Tibay 'Yan," "kasmala," "porque," at "ABKD") na sinuri na nasa Talahanayan 1 para sa papel na ito, lahat maliban sa Sandigan ay gumagamit ng pitong wikang Filipino: Tagalog, Ilokano, Kapampangan, Bikolano, Waray, Bisaya, Hiligaynon, at Mindanawan at ang ABKD naman ay humihigit pa sa paglangkap nito ng wikang Zambal.

Sa pamamagitan ng paglalangkap ng ilang wika sa iisang kanta, inilalahad ng Alamat ang katotohanan na mayroong pagkakatangi ang bawat wika ng bansa at hindi maaaring magkaunawaan ang dalawang taong nag-uusap gamit ang magkakaibang wikang Filipino.

Nagkaroon din ng pagpapaskil ng mga Language Comparison Videos with Alamat, na kalaunan kasama na rin ang ibang tagahanga, na mayroong iba pang wika bukod sa ginagamit na ng Alamat na nagbibigay patunay sa pagkakaroon ng magkakaibang mga wika ng mga Filipino at hindi ito magkakatulad na diyalekto. Sa Talahanayan 3, matutunghayan mula sa awiting "kbye" (Alamat, 2021a) ang Wikang Tagalog, Bisaya, Hiligaynon, Kapampangan, Ilokano, Waray, at Bikolano. Sa Talahanayan 3, matutunghayan mula sa awiting "kbye" ang Wikang Tagalog, Bisaya, Hiligaynon, Kapampangan, Ilokano, Waray, at Bikolano. Isa rin itong paraan upang mahikayat ang iba pang mamamayang mula sa magkakaibang rehiyon upang mas tangkilikin ang Alamat. Isa rin itong paraan upang mahikayat ang iba pang mamamayang mula sa magkakaibang rehiyon upang mas tangkilikin ang Alamat. Bahagi rin ng kanilang video ang isang sosyolinggwist na kanila ring tagahanga upang maipaliwanag ang pagkakaiba ng "Wika" at "Diyalekto" na naglinaw at nagpanday sa tamang kaisipan na wika nga ang mga rehiyonal na wikang Filipinong kanilang itinatampok. Isang katangian ito ng multikultural na nasyonalismo na kumikilala at nagtuturing sa mga wika ng bansa bilang magkakapantay-pantay. Sa paggamit din ng walong wika sa isang kanta, naipapakita nila na hindi balakid sa pag-unawa, pagkilala, at pagtanggap sa sining ang pagkakaroon nito ng multikultural na katangian at sa katotohanan pa'y nakadadagdag ito sa ganda, halaga, at kahulugan ng musika. Ang katangiang ito ng Alamat ay hindi basta maikokompara sa ibang sikat na grupo tulad ng SB19, Bini, at BGYO na hindi gumagamit ng mahigit sa tatlong wika sa bawat awiting kanilang inilulunsad.

Ang Paghahalo ng Tradisyonal at Modernong mga Elemento ng Kulturang Filipino: Sa lente ng isang monokultural at kolonyal na nasyonalismo, ang kultura at pagkakakilanlang pambansa ay

Talahanayan 3.

Sipi mula sa Awiting "Kbye" ng Alamat na may mga Wikang Tagalog, Bisaya, Hiligaynon, Kapampangan, Ilokano, Waray, at Bikolano

Wika	**Sipi mula sa Awiting "Kbye"** (Alamat, 2021)	**Salin sa Ingles** (nina Vanguardia et al, 2025)
Tagalog	Ba't bigla ka na lang umalis Hindi ka nagpaalam (girl) Siguro ang pag-ibig mo sa 'kin Ay pansamantala lang (pansamantala na lang ba) Sana'y noon pa lang agad mo nang inamin (oy) Madali lang naman akong kausapin (oy) Sawa't pagod na rin naman ako sa atin Wala akong paki hindi ka kawalan sa akin	Why did you leave without saying goodbye? (girl) Maybe your love for me was just temporary (was it temporary?) You could've admitted it a long time ago (oy!) I am easy to talk to (oy!) I've been sick and tired of us usually I don't care it's not my loss
Bisaya	Basin ga tuo ka nga ako nagpangita (nagpangita) Sa makatakud nimo'ng kusog nga katawa (katawa) Intawon wa na wa na ko nakaila Sa imong pangalan gikalimtan na tika 'Day Nikalit ra kag biya Ngadto diay ka sa iya Abi ko nga na mawala ka kadali Pero di wa na gyud ni uli	You might be thinking I'm still yearning (yearning) To hear you infectious laughter (laughter) But I don't know your name anymore I've already forgotten you Girl You just left, I thought you'd be gone For only a while but you never come back

Wika	**Sipi mula sa Awiting "Kbye"** (Alamat, 2021)	**Salin sa Ingles** (nina Vanguardia et al, 2025)
Hiligaynon	Ikaw pa ang may gana nga magbaya sa aton Nga bisan sa mga gamit mo Ako gabaka-baka ikaw sige lang baton	The nerve for you to be the one to leave When all you stuff came from me
Kapam-pangan	Subukan mung magpakit kaku Kaibat na ning gewa mu E ra na ka patawaran 'Dyang pang nanung sabian mu	But don't you dare show up after what you've done Now rods will ever make me forgive you
Ilokano	Idi ket naragsak ta unay Sakto lang maamiris Tagtagainep lang dijay ayy	We used to have so much joy But now I've realized it was all a dream
Waray	Kayano ka binaya Kasingkasing ko imo gin tigda (girl) Siguro paghigugma mo ha akun Uyas uyas gudla	Why did you leave, you shocked my heart (girl) Maybe your love for me was all fun and games
Bikolano	Sana kadto pa lang sinabi mo na tulos Madali man lang ako na kaulayon Sawa buda pagal naman ako satuya Wara akong paki bako ka kawaran sakuya	You couldve admitted it a long time ago (oy!) I am easy to talk to (oy!) I've been sick and tired of us usually I don't care it's not my loss

umiiral na mula pa sa simula at maaaring maituring na istatik o hindi nagbabago. Halimbawa nito ang estereotipikong paglalapat ng imahen ni Maria Clara sa mga kababaihang Filipino na para bang bawat babae ay iniluwal sa mundong ito na kawangis at nakakahon sa imahen ng isang mahinhin, pasibo, kimi, at birheng kinathang karakter. Sa Pigura 10, matutunghayan sa a concept teaser na video ng Alamat, kanilang matapang na ipinahayag ang kanilang paniniwala sa isang kulturang Filipino na nagbabago. Ayon sa kanila, "Ipagdiriwang natin ang ating pinagmulan, habang nakikipagsabayan sa makabagong daigdig."

Sa Pigura 11, makikita mula mula sa music video ng kanilang debut single na *Kbye*, hindi maitatangging laganap at litaw ang kaisipang ito sa kanilang pananamit na nagpapakita ng elementong galing sa prekolonyal na kasaysayan ng bansa at gumagamit ng makabagong mga porma, sa kanilang disenyong pamproduksiyon na may barandilyas ng pista sa nayon, at makabagong jeep na umiiral sa araw-araw na buhay ng karaniwang Filipino, at ang kanilang kulay ng buhok na kinikilala ng ilan sa madla bilang estilo ng Kpop ngunit para sa kanila'y inspirado mula sa kulay ng mga sisiw na ibinebenta sa perya tuwing may pista.

Sa mismong musika ng kanilang mga orihinal na awitin, mababakas ang modernong tunog na pasok sa kasalukuyang genre ng P-pop subalit halos lahat ng mga awiting ito rin ay gumagamit ng mga tunog na nagmumula sa mga tradisyonal na instrumentong pangmusika na Filipino tulad ng kulintang, hegalong, mga gong, at iba pa. Sa Pigura 12, masasaksihan sa mga music video ng *kbye* (Alamat, 2021a) at *kasmala* (Alamat, 2021c), gumagamit ang kanilang choreography ng mga modernong hiphop, locking, popping, at iba pa habang sinasayaw rin nila ang ilang katutubong mga sayaw tulad naman ng tinikling, sagayan, maglalatik, at iba pa. Ipinapakita nito na hindi nakakahon ang kulturang Filipino sa ilang katangian at pagpapahalaga na mula pa sa nakaraan kundi isa itong nagbabago at umuunlad pang kultura na nagmumula sa magkakaibang katutubo at banyagang impluwensiya. Sa masining na pagtatanghal ng paghahalo ng mga makaluma at makabagong elemento ng iba't ibang kulturang Filipino at maging ng mga banyagang impluwensiya dito, kinakatha ng Alamat ang isang imahen ng dinamiko o nagbabagong pagkakakilanlang Filipino na malay sa kaniyang pinagmulan ngunit handa at kritikal na tumatanggap sa mga pagbabago ng panahon.

Bilang isang grupong mas nagbibigay tuon sa maka-Filipinong mga awitin, sayaw, kultura, at ang pagpapakilala ng mayaman na kulturang

Pigura 10.

"ALAMAT" Concept Teaser .

Note: Alamat 2021a. Copyright 2021 by Viva Records.

Pigura 11.

Pananamit ng Grupong Alamat.

Note: Alamat, 2021b. Copyright 2021 by ALAMAT.

Pigura 12.

Choreography ng Grupong Alamat.

Note: (Alamat, 2021e), Copyright 2021 by ALAMAT.

Filipino, hindi maitatanggi na natatangi sa kasalukuyan ang Alamat kung ikokompara sa mga umiiral na P-pop na grupo sa ngayon. Isa itong paunang hakbang na habang ipinapakilala ng mga grupong P-pop ang bansa sa mundo ay mahalaga ring saklawin ng mas malalim pa ang samot-saring tradisyonal na elemento ng kulturang Filipino.

Ang Pagbura ng Alamat sa mga Negatibong Imahen ng Filipino at ang Kontra-Oryentalismong Pakikipaglaban: Bilang isang bansang nakaranas ng ilang taon ng kolonyalisasyon, ang mga Filipino ay matagalang nagdusa sa ilalim ng mga kulturang banyagang nanlapastangan, nangmaliit, nagbura, at nagpinta dito bilang atrasado at nakabababa. Sa panahon ng pananakop ng Estados Unidos, itinuring nila ang Filipino bilang mga batang wala pang kakayahan sa pamamahala at ang kulturang Filipino bilang likas na baluktot at walang kakayahan sa pag-unlad. Isa ito sa mga pangunahing insipirasyon ng music video ng *kasmala* (Alamat, 2021c) kung saan binabaligtad ng Alamat ang katayuan ng puting mananakop na tila tanging mga puting anino na lamang na hindi nagsasalita at nila bilang mga Filipinong nagpapagal, kumikilos, at lumilikha ng musika't sining.

Sa Pigura 13, mahahango ang ilang mga tagpo sa oryentalistang depiksiyon ng mga Filipino noon tulad ng isang sanggol na pinapaliguan, isang batang tinuturuan sa silid-aralan, isang katutubong sinusukat ang mga bahagi ng katawan, at unggoy na nasa sinaunang bahagi pa lamang sa ebolusyon ng tao. Sa dulo ng video ay may tagpo rin kung saan sinisira nila ang ilang plakard na nagtataglay ng mga salitang "Positively No Filipinos Allowed" na nakabatay sa narasanang rasismo at pagbubukod sa mga Filipinong naninirahan noon sa Estados Unidos bilang mga manggagawa at magsasaka—isang paglalantad sa mga karanasan ng mga manong, sakada, at katutubong Filipino sa ilalim ng imperyong Estados Unidos at pagbawi at pag-angkin sa pagiging kakaiba ng Filipino bilang lakas hindi kahinaan. Ang *kasmala* (Alamat, 2021c), samaktwid, ay isang ganap na pagbabaklas sa lahat ng mga imaheng Filipinong bunsod ng kolonyalismo at pagpapakitang handa ang Filipino na tumindig at ipagdiwang ang kaniyang sariling kultura sa gitna ng mga makabagong atake ng gahum pangkulturang banyaga.

Gayong mariing nababanggit na marami na pag-aaral na isa sa katangian ng Filipino ang pagkakaroon ng mindset na utak-talangka (o crab mentality), na pinatunayan din sa pananaliksik nina Biana (2023), Billote et al (2021), Bulloch (2017), Gripaldo (2011), Lacson (2005), at

Pigura 13.

Oryentalistang Depiksiyon ng mga Filipino Noon.

Note: ALAMAT, 2021e. Copyright 2021 by ALAMAT.

Lasquety-Reyes (2016), mapapatunayan kung paano mas pinatitingkad ng Alamat ang pagiging matatag ng mga Filipino sa awiting "ABKD."

Ang katatagan ng loob (o resilience) ng mga Filipino ay malinaw na ipinapakita sa awiting "ABKD" ng Alamat Group sa pamamagitan ng mga liriko na nagbibigay-diin sa pagpapatuloy sa kabila ng mga pagsubok at panghahamak. Matutunghayan ang pagtupad sa mga pangarap sa kabila ng pagsubok lalo na sa lirikong "Huwag mong hayaang magkaagiw ang iyong mga pangarap" at "Iwasan mong magpadala sa mga mapanghamak" (Alamat, 2022, 0:26-0:31). Naglalaman ito ng mensahe na huwag pabayaan ang mga pangarap kahit pa may mga taong nanghahamak o hindi naniniwala. Ipinapakita nito ang katatagan ng loob na ituloy ang pangarap sa kabila ng mga negatibong komento.

Gayundin, binigyang-diin ang pagbangon sa pagkabigo sa mga lirikong "Oh, minsan ay mabibigo, pagtatawanan at ilulubog" (Alamat, 2022, 2:06-2:11). Ipinapakita na ang realidad na minsan ay maaaring mabigo, pagtawanan, o subukang hilahin paibaba ng iba. Ang pagtanggap sa mga pagkabigo at pagbangon mula rito ay isang halimbawa ng katatagan ng loob ng mga Filipino. Habang ang lirikong "…abutin ang 'yong mithiin, bagbagin mga balakid" (0:37-0:42) ay naglalarawan ng determinasyon na maabot ang mga mithiin kahit maraming hadlang.

Samantalang inawit sa wikang Kapampangan ang lirikong "E mu papabureng managi ya ing kekang panagimpan" (Alamat, 2022, 1:15-

1:19). [Do not let anyone steal your dreams]" at "Mga magpapaubos, diri dapat pamatian" (Alamat, 2022, 1:19-1:21). [Do not listen to those who belittle you] ay direktang nagtuturo na huwag hayaan ang ibang tao na agawin ang mga pangarap at huwag pakinggan ang mga mapanghamak. Ang pagsunod sa payong ito ay nagpapakita ng katatagan ng loob at kumpiyansa sa sarili.

Sa Pigura 14, matutunghayan Sa *Sandigan* (Alamat, 2021b) naman ipinakita ng Alamat ang kahalagahan at kahulugan ng mga sinauna pang paniniwalang Filipino sa mga hindi nakikitang nilalang, mga yumaong ninuno, at mga diwata na itinuturing na anito o gabay at tagapangalaga ng mga Filipino. Ang Pagpapamalas ng Kahalagahan at Kahulugan ng mga Sinaunang Paniniwalang Filipino: Sa *Sandigan* naman ipinakita ng Alamat ang kahalagahan at kahulugan ng mga sinauna pang paniniwalang Filipino sa mga hindi nakikitang nilalang, mga yumaong ninuno, at mga diwata na itinuturing na anito o gabay at tagapangalaga ng mga Filipino. Isa itong theme song ng Anitu komiks na isa namang likhang sining na nagtatampok ng mga alamat, mito, at paniniwalang Filipino. Sa panahon ng pananakop ng Espanyol, bahagi ng kanilang adhikaing gawing Kristiyano ang mga Filipino ang pag-uuri sa mga prekolonyal na mito at paniniwala bilang gawa ng demonyo at isang malaking kasalanan sa Diyos. Nagdulot ito ng malawakang pagbura, paglimot, at pagtatwa ng mismong mga Filipino sa kanilang dating tradisyonal na mga ritwal, pamahiin, pagtatanghal, at iba pang mga gawaing kaugnay nito. Subalit sa ilang mga aspekto ng pananampalatayang Katoliko ay may mga bahagi pa rin ng tradisyonal na prekolonyal na kultura ang lumilitaw kahit na sa nabago nang anyo (Lynch, 2004). Ang *Sandigan*, samakatwid, ay isang patunay at paninindigan na maging sa kasalukuyan "Anitu ang aking sandigan" o umiiral pa rin ang ganitong paniniwala at hindi sila lubusang mapupuksa ng kolonyal at maging ng modernong mga ideya ng sekularismo dahil nakaugat sila sa kulturang Filipino.

Panghuli ang pagkilala, pagpapalakas, at pagpapaunlad sa mga rehiyonal na musikang Filipino. Bago pa man mabuo ang Alamat, mayroon nang ilang mga awiting Filipino na mula sa mga rehiyonal na wika ang sumikat at nagkaroon ng bakas sa pambansang musikang popular. Sa panayam kay Laxamana kanyang binanggit ang kakayahan ng mga rehiyonal na musika na umani ng pagkilala at pagtanggap sa mas malawak na madla sa bansa ngunit sa kasalukuyan, iilan lamang ang masasabing sumisikat at nagpapatuloy sa kanilang tagumpay mula sa mga katutubong wika ng bansa. Madalas pa'y nawawalan din

Pigura 14. "

Ang Pagpapamalas ng Kahalagahan at Kahulugan ng mga Sinaunang Paniniwalang Filipino



Note: ALAMAT, 2021e. Copyright 2021 by ALAMAT.

ng ningning ang mga ito sa oras na maisalin sa wikang pambansa na mas tinatangkilik ng madlang Filipino. Sa ganitong paraan, nagiging kasangkapan lamang ang mga rehiyunal na wika, kultura, at musika para sa sariling pag-unlad ng pambansang kultura at patuloy na nagbibigay ng kapangyarihan sa mayorya, isa sa mga pangunahing panganib na kinikilala ni Modood sa mga lumang uri ng nasyonalismo na nakasandig sa asimilasyon.

Simula nang magpakilala ang grupong Alamat, ibinahagi ng grupo ang kanilang pangunahing misyon sa kanilang concept teaser na nagsasabing "It's Time, Beloved Motherland to stand up and be proud of who we are… of what we are... behind that masquerade" (Alamat, 2021, 1:21-1:24), [Panahon na, Inang Bayan, upang tumindig at ipagmalaki kung sino tayo… kung ano tayo… sa likod ng maskara]. Mula nang masakop ng Espanyol, Amerikano, at mga Hapon ang Pilipinas ay maraming nagbago tulad ng mas pagbibigay ng halaga sa mga banyaga, ayon kay Mahaguay (2018), banyaga na at laging mayroong pagkiling sa banyagang kalingang ang pag-iisip at maging ng mga Filipino na mismo. Kaya naman, isa sa mga ibinahaging tunguhin ng Alamat sa kanilang Paglunsand ang pagpapamalas ng kahalagahan at kahulugan ng mga sinaunang paniniwalang Filipino upang maipaalala sa madla na mayroong sariling pagkakakilanlan ang mga Filipino na hindi lamang nakasanding sa banyagang pagkakakilanlan.

Higit pa sa kanilang awiting *Sandigan* at *Concept Teaser*, isang mabuting halimbawa ang kanilang paglabas ng awiting ABKD na nagpapaalala sa mga mamamayang mayroon na tayong sariling alpabetong Pilipino (na naging alpabetong Filipino pagkaraan) bago pa man maging alpabetong Ingles ang ating sinusunod. Bahagi ng sinauna nating pagkakakilanlan ang pagkakaroon ng sariling mga wika, alpabeto,

pagkakakilanlan, at kultura bago pa man unti-unti itong mabura ng mga banyaga.

Ang Pagsasalin ng mga Awitin na Bahagi ng Kulturang Popular: Tahasan itong binabaligtad ng Alamat sa kanilang pagsasalin sa mga orihinal na kantang Filipino naman patungo sa iba pang mga wikang katutubo tulad ng ginawa nila sa *Wala na bang Pag-ibig* at *Hindi Tayo Pwede*. Ang pagpili sa isang kantang maituturing nang isang klasikong awitin mula sa sikat na mang-aawit na si Jaya at sa isang makabagong patok na kantang mula naman sa OPM na bandang The Juans ay maaaring basahin bilang pagpapahayag na luma man o bagong awitin ay maaaring paunlarin pa sa pamamagitan ng pagsasalin sa mga wikang katutubo.

Sa paggamit ng mga patok na awitin, pinupukaw ng Alamat ang interes ng karaniwang mamamayang Filipino na sanay sa wikang pambansa subalit hinahain din nila ang isang bersiyong nagbubukas ng daan sa mga tagapakinig upang makilala at matanggap ang yaman at ganda ng tunog ng mga rehiyonal na wikang katutubo. Alinsunod ito sa isang pahayag na kanilang ginamit upang panimulan ang video ng Hindi Tayo Pwede kung saan kanilang sinabi na "The Philippines is a country of many voices, How many of them do you hear?" (Alamat, 2020, 0:02-0:10) [Ang Pilipinas ay isang bansang may maraming tinig, ilan sa mga ito ang iyong naririnig?] isang hamon sa karaniwang tagapakinig na Filipino na kilalanin at palalimin pa ang kanilang ugnayan sa mga katutubong kultura ng bansa.

Ang *Porque* (Alamat, 2021d) ay isa sa mga kantang orihinal na nasulat sa rehiyonal na wika, sa Chavacano, na sumikat maging sa mga nibel ng pambansang musikang popular at kalauna'y naisalin sa Filipino. Sa bersiyon ng Alamat, ang "Porque" ay kanilang inawit sa pinaghalong orihinal na Chavacano at Filipino, isang pagtanaw sa kasaysayan ng awitin at pagpapantay sa kahalagahan ng dalawang wikang naging mukha na nito. Ayon kay Modood (2020), ang multikultural na nasyonalismo ay bukas sa pamamayani ng mayoryang pambansang kultura ngunit kumikilala at nagbibigay ng kapantay na lunan sa minoryang mga kultura katulad ng ginawa ng Alamat sa awiting ito. Ang apat na estratehiyang ito ay masasabing matagumpay sapagkat mababakas sa mga komentong nasa bawat video na sinusuri ng susunod na bahagi ng papel na nagtatanghal sila ng isang kulturang Filipino na mula sa magkakaiba at nagbabagong katutubong kultura.

Bukod sa Alamat, gumamit din ang grupong Bini ng sikat na awiting Filipino bago ang kanilang debut bilang grupong P-pop, ginawan nila ng panibagong atake ang awiting "Da Coconut Nut" na binuo ng National Artist na si Ryan Cayabyab. Bagaman binigyang buhay ulit ng grupo ang kanta, pinanatili naman nila ang wikang Ingles na pangunahing ginamit ng orihinal na mang-aawit nito. Ipinapakita nito na hindi tulad ng ibang mga P-pop na grupo ay mayroong sariling paraan ang Alamat upang ipakilala ang pagkakaroon ng mayamang wika at kultura ng bansa sa kanilang mga simpleng pagsasalin ng mga awiting sa magkakaibang wika.

Kongklusyon

Bilang isang bagong artistang umaawit sa genre na P-pop nasa isang mahalagang posisyon ang Alamat upang impluwensiyahan ang madlang Filipino sa pagkilala, pagtanggap, at pagdiriwang ng minoryang kultura nito. Mula sa pagsusuri ng ilang kanilang mga nailimbag na mga orihinal na awitin, covers, at collabs na music videos, ipinagpapalagay ng papel na ito na nagsusulong ang Alamat ng lima na kontra-diskursong lumalaban sa monokultural at kolonyal na nasyonalismong umiiral sa Pilipinas: ang paggamit ng iba't ibang rehiyonal na wikang Filipino, ang paghahalo ng tradisyonal at modernong mga elemento ng kulturang Filipino, ang pagbura ng Alamat sa mga negatibong imahen ng Filipino at ang kontra-oryentalismong pakikipaglaban, ang pagpapamalas ng kahalagahan at kahulugan ng mga sinaunang paniniwalang Filipino, at ang pagsasalin ng mga awitin na bahagi ng kulturang popular at nagiging matagumpay ito ayon sa mga interpretant na naipapahiwatig ng mga panandang nakapaloob sa bawat elemento ng music video.

Mula sa pagpapaliwanag ni Mirano [in Giron, 2018], na mayroong isang paraan ng paggawa at porma ng tradisyon ang itinuturing na tama, nanatili, at naipapasa sa salinlahi bagaman maaari pa ring sumailalim sa mga pagbabago. Katulad ng Alamat, kahit pa may mga pagbabago sa kultura ay naaaninaw pa rin sa kanilang mga kasuotan, konsepto, mga sayaw, wika, at iba pang mga aspekto na kanilang ipinapakita ang pagpapanatili sa kanilang mga tradisyon.

Ang panganib ng monokultural na nasyonalismo ay patuloy pa rin ayon kay Modood at maaaring mabakas ito sa mga umiiral at umuusbong na mga populistang nasyonalismo sa buong mundo. Sa Pilipinas, nagpapatuloy pa rin ang pagsasamantala, pandarahas, at pagpatay sa mga katutubong Filipino sa iba't ibang panig ng bansa, maituturing pa

rin na hindi pantay sa karaniwang mamamayan ang turing sa kanila at buhay pa rin ang mga negatibong imaheng kinatha upang maliitin sila, at wala pa ring kapantay na mga oportunidad, kalayaan, at karapatan ang ilang mga batayang sektor ng lipunan kung ikokompara sa naghaharing iilan. Kung nanaisin ng Alamat na gawing ganap ang pagbabago tungo sa isang tunay na multikultural na nasyonalismong huhubog sa isang panibagong pagkakakilanlang Filipino na tumatanggap sa lahat ng mamamayan nito, kailangang tugunan rin at ipaglaban nila ang mga batayang hindi pagkakapantay-pantay at kawalan ng katarungan sa lipunan.

Sa huli, ang Alamat bilang bahagi ng kulturang popular ay isang tekstong bukas sa iba't ibang lapit, pananaw, at gamit na maaaring nagtutunggali at hindi nag-iisa sa kanilang adhikain at kahulugan.

References

Abad, Y. (2022a, January 23). *P-pop power: A guide to rising P-pop groups*. Rappler. https://www.rappler.com/entertainment/music/guide-new-pinoy-pop-groups/

Abad, Y. (2022b, March 8). *2022 PPOPCON promises to give fans the 'time of their lives.'* Rappler. https://www.rappler.com/entertainment/music/what-to-expect-pinoy-pop-convention-april-2022/

Ainslie, M. J., Lipura, S. J., & Lim, J. (2018). *Understanding the potential for a Hallyu "backlash" in Southeast Asia: A case study of consumers in Thailand, Malaysia and Philippines*. Archīum Ateneo. https://archium.ateneo.edu/korean-stud-faculty-pubs/3/

Alamat [ALAMAT]. (2020, November 18). *ALAMAT - Hindi Tayo Pwede [cover]* [Video].

YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=ozwIUgXC4i4

Alamat [ALAMAT]. (2021a, February 14). *ALAMAT - "kbye" (Official M/V)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=I7vPP-yIhY0

Alamat [ALAMAT]. (2021b, May 28). *ALAMAT - "Sandigan" (Official Lyric Visualizer)* [Foundation] [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=xA_xo_I8B64

Alamat [ALAMAT]. (2021c, July 15). *ALAMAT - "kasmala" (Official M/V)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=_5Y_mTfBh3o

Alamat [ALAMAT]. (2021d, October 21). *ALAMAT - "porque" (Official M/V)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=ipnbhTLgYss

Alamat [ALAMAT]. (2022, February 14). *ALAMAT - "ABKD" (Official Lyric Video)* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=_9OQLx2ddxA

Alamat. (2020, December 1). *In case you're wondering, our mascot, Aki Alamid, is based on an animal locally known as musang/alamid. Asian palm civet* [Facebook status update]. Facebook.https://www.facebook.com/permalink.php?story_fbid=pfbid02YC5w889M7gsDbgYDrgAgagxgCZNFTAFNAhYbAJHwBAJF89qc6eM1bYNeQcTtdNFKl&id=114435083733772&__tn__=-R

Arambulo Live. (2022, July 4). *BINI and BGYO look like royalty on the cover of Metro's Star Magic 30 collab*. Arambulo Live. https://arambulolive.com/2022/07/04/bini-and-bgyo-look-like-royalty-on-the-cover-of-metros-star-magic-30-collab/

Atkin, A. (2022, August 4). Peirce's theory of signs. *Stanford Encyclopedia of Philosophy*. https://plato.stanford.edu/entries/peirce-semiotics/

Bautista, R., & Bautista, R. (2022, September 9). *Top class is the p-pop reality competition show you've been waiting for*. NYLON MANILA. https://nylonmanila.com/top-class-ppop-reality-competition-show/

Bautista, R., & Bautista, R. (2023, October 11). *Everything you need to know about reality series Dream Maker*. https://nylonmanila.com/everything-you-need-to-know-about-k-pop-meets-p-pop-reality-series-dream-maker/

Berger, A. A. (2014). Semiotics and society. *Society, 51*(1), 22–26. https://doi.org/10.1007/s12115-013-9731-4

Biana, H. T. (2023). Configuring smart-shaming culture in the Philippines. In M. Y. Cheung & M. L. T. Ho (Eds.), *Cultural perspectives on shame* (1st ed., pp. 173–188). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003348382

Billote, W. J. S., De Sagon, G. A., Escoto, M. F., Pableo, A., Ponce, R., Ponce, T. E., Quibal, J.M., Quiloan, A., Comaya, M.A.S., Ponce, J.M.B. (2021). Talangkang pag-iisip: An exposè of its positivity in the lens of students in a selected university in Baguio city. *JPAIR Multidisciplinary Research, 43*(1), 36-56. https://doi.org/10.7719/jpair.v43i1.715

BINI_ph. (2023, May 21). Photo series: #BINIverseWorldTourDubai [Photo series]. Facebook. https://www.facebook.com/BINIph.official/photos/bini-biniverseworldtourdubai-photo-seriescheck-out-our-tiktok-vid-here-httpsvtti/1064206398914792/

Bravo, C. D., Dimalanta, F. D., Jusay, K. A., Vitug, M. Y., & Tabuena, A. C. (2022). Inclination state on the Philippine culture and arts using the appraisal theory: Factors of progress and deterioration. *Participatory Educational Research, 9*(1), 388–403. https://doi.org/10.17275/per.22.21.9.1

Bulloch, H. C. M. (2015). Ambivalent moralities of cooperation and corruption: Local explanations for (under)development on a Philippine island. *The Australian Journal of Anthropology, 28*(1), 56–71. https://doi.org/10.1111/taja.12173

Coke Studio Philippines. (2021, June 10). *COKE STUDIO ITODO MO BEAT MO: "Tibay Yan" by ALAMAT and Inigo Pascual* [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=9yljlEYOE5s

Constantino, R. (1966). *The Filipinos in the Philippines: And other essays*. Filipino Signatures.

Cordero-Fernando, G. (2008). *Identifying pinoy pop*. *Budhi: A Journal of Ideas and Culture*, 12(1), 45–62. https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/budhi/article/view/378 https://philpapers.org/rec/CORIPP

DANUM DLSU. (2021, Mayo 14). *ALAMAT at Dalumat: Isang panayam sa wika, kultura at pagkakakilanlang Filipino* [Interview]. Facebook Live. https://www.facebook.com/DLSUDANUM/videos/308534824071131

Deja, J. A., Blanquera, K., Carabeo, C. E., & Copiaco, J. R. (2015). Genre classification of OPM

songs through the use of musical features. *Theory and Practice of Computation*, 77-88. https://doi.org/10.1142/9789814730464_0007

Demeterio, F. P. (2009). Ang balangkas ng multikulturalismo at ang pagbubuo ng Bansang Pilipino [The Framework of Multiculturalism and the Formation of the Filipino Nation]. *LUMINA*, *20*(2), 1–21. https://ejournals.ph/article.php?id=7268

Fernandez, D. G. (1981). Philippine popular culture: Dimensions and directions the state of research in philippine popular culture. *Philippine Studies*, *29*(1), 26–44. http://www.jstor.org/stable/42632570

Gabinete, J. (2021, March 3). *Bagong boy group na Alamat, binuo para pangontra sa K-pop* [New boy group Alamat formed as a counter to K-pop]. PEP.Ph. https://www.pep.ph/pepalerts/cabinet-files/156958/alamat-counter-kpop-a734-20210301

Giron, M. K. C. (2018). Ang "Tradisyonal" at "Moderno" sa Higante ng Angono, Rizal [The "Traditional" and the "Modern" in the Higante of Angono, Rizal]. *Humanities Diliman, 15*(2), 151-176. https://journals.upd.edu.ph/index.php/humanitiesdiliman/article/view/6446

Gripaldo, R. (2011). *History and cultural identity: The Philippine case. History and cultural identity. Retrieving the past, shaping the future*, 29, 251-273. https://www.crvp.org/publications/Series-VII/VII-29.pdf#page=259

Huang, X. (2009). 'Korean wave' — The popular culture, comes as both cultural and economic imperialism in the East Asia. *Asian Social Science*, *5*(8), 123–130. https://doi.org/10.5539/ass.v5n8p123

Lacson, J. R. (2005). *Mindsets of the Filipino: A research agenda for Filipino communicative behavior*. Modesto Farolan Professorial Chair paper, University of the Philippines.

Lasquety-Reyes, J. (2016). In defense of Hiyaas a Filipino virtue. *Asian Philosophy, 26*(1), 66–78. https://doi.org/10.1080/09552367.2015.1136203

Laurena, K. a. J. (2021, November 21). *ALAMAT aims to promote Filipino culture through music without dropping the Filipino language, creative director Jason Paul Laxamana says* Pikapika. https://www.pikapika.ph/pikadaily/alamat-aims-to-promote-filipino-culture-through-music-without-dropping-the-filipino-language-creative-director-jason-paul-laxamana-says/local-news-1

Laxamana, JP [@jplaxamana]. (2021, April 5). *My college thesis* [Tweet]. Twitter. https://twitter.com/jplaxamana/status/1378754718608936962/photo/1

Llemit, K. A. (2025, February 12). *SB19 includes US, Middle East in 'Simula at Wakas' world tour*. PhilStar Global. https://www.philstar.com/entertainment/music/2025/02/12/2421079/sb19-includes-us-middle-east-insimula-wakas-world-tour

Limlingan, D. (2019, August 25). Limlingan: Jason Paul Laxamana, a Kapampangan. *Sunstar*. https://www.sunstar.com.ph/article/1820193/pampanga/opinion/limlingan-jason-paul-laxamana-a-kapampangan

Liwanag, P. (2021, March 2). New P-pop boyband ALAMAT fast to score Billboard milestone. *Manila Bulletin*. https://mb.com.ph/2021/3/2/new-ppop-boyband-alamat-fast-to-score-billboard-milestone

Manila Bulletin. https://mb.com.ph/2021/03/02/new-ppop-boyband-alamat-fast-to-score-billboard-milestone/

MNL48 Official Website. (n.d.). MNL48 Official Website. Retrieved August 11, 2025, from https://www.mnl48.ph does not match citation in text (Fig. 1)

Llemit, K. (2021, March 3). Alamat Is second P-Pop Group to make it on Billboard Chart. *The Philippine STAR*. https://www.philstar.com/entertainment/music/2021/03/03/2081237/alamat-second-p-pop-group-make-it-billboard-200

Llemit, K. A. (2025, February 12). SB19 includes US, Middle East in 'Simula at Wakas' world tour. *PhilStar Global*. Retrieved August 11, 2025, from https://www.philstar.com/entertainment/music/2025/02/12/2421079/sb19-includes-us-middle-east-insimula-wakas-world-tour

Lynch, F. (2004). Folk Catholicism in the Philippines. In A. A. Yengoyan & P. Q. Makil (Eds.), *Philippine society and the individual: Selected essays of Frank Lynch* (Revised ed)., pp. 207–218). Ateneo University Press.

Maceda, T. G. (2007). Problematizing the popular: The dynamics of *pinoy* pop(ular) music and popular protest music. *Inter-Asia Cultural Studies*, *8*(3), 390–413. https://doi.org/10.1080/14649370701393766

Mahaguay, J. M. (2018). Ang pilosopiya ng edukasyon ni Emerita S. Quito [The Philosophy of Educafion of Emerita S. Quito]. *Malay, 30*(2), 1-19. https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/pdf/research/journals/malay/tomo-30/2/3-mahaguay.pdf

Mendoza, A. J. (2022, July 29). *8 more trailblazing P-pop groups to start stanning immediately*. Pop! https://pop.inquirer.net/330774/8-more-trailblazing-p-pop-groups-to-start-stanning-immediately

Modood, T. (2020). Multiculturalism as a new form of nationalism? *Nations and Nationalism*, *26*(2), 308–313. https://doi.org/10.1111/nana.12571

Rec•Create. (2021, May 2). *How did the Korean Wave start in the Philippines? | Filipino | Rec•Create* [Video]. YouTube. Retrieved August 11, 2025, from https://www.youtube.com/watch?v=YgpcifyUsSk

Requintina, R. (2020, November 18). Star Hunt Academy's new rookie girl group 'Bini' takes on the P-pop scene. *Manila Bulletin*. https://mb.com.ph/2020/11/18/star-hunt-academys-new-rookie-girl-group-bini-takes-on-the-p-pop-scene/

Rodell, P. A. (2018). A syncretic culture. In *Routledge Handbook of the Contemporary Philippines* (pp. 321-329). Routledge.

Salterio, L. C. (2021, February 18). *New boy group alamat launches debut single, sings in seven local languages*. ABSCBN Entertainment. https://news.abs-cbn.com/entertainment/02/18/21/new-boy-group-alamat-launches-debut-single-sings-in-seven-local-languages

Santos, J. C. (2019). *Tsismis at komentaryo sa globalisasyon at sa bansa nating naghihingalo* [Gossip and commentary on globalization and on our dying nation]. Researchgate.net. https://www.researchgate.net/publication/335858149_Tsismis_at_Komentaryo_sa_Globalisasyon_at_sa_Bansa_Nating_Naghihingalo?channel=doi&linkId=5d80a775a6fdcc66b00202ae&showFulltext=true

Sen, A. (2002). How to judge globalism. *The American Prospect*, *13*(1), 1-14.

SB19 Official Website. (2021, October 24). Profile. http://sb19official.com/profile/

Sun, M. (2020). K-pop fan labor and an alternative creative industry: A case study of GOT7 Chinese fans. *Global Media and China*, *5*(4), 389–406. https://doi.org/10.1177/2059436420954588

Tolentino, R. B. (2003). Popular as political culture: The fatherland, nationalist films, and modernity in South Korea, Taiwan, and the Philippines. *Kritika Kultura*, *0*(3), 27–51. https://archium.ateneo.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1023&context=kk

Wonho, J., & Jung, E. S. (2017). *The influences of Kpop fandom on increasing cultural contact*. Ohio State University. https://barnettcenter.osu.edu/sites/default/files/2019-08/the_influences_of_k-pop_fandom.pdf

Yakin, H. S. M., & Totu, A. (2014). The semiotic perspectives of Peirce and Saussure: A brief comparative study. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 155, 4-8.

VIVA TV. (2021, June 13). *Kilalanin ang members ng ALAMAT | Line up! | Viva TV* [Video]. YouTube. Retrieved August 11, 2025, from https://www.youtube.com/watch?v=35JH6HtwG5E

Grant Support Details

Author Contributions: Conceptualization, M.A.D.V., A.A.F.B., and N.E.A.O; methodology, M.A.D.V., A.A.F.B., and N.E.A.O., and L.A.L.L.; investigation, M.A.D.V., A.A.F.B., and N.E.A.O; data curation, M.A.D.V., A.A.F.B., and N.E.A.O., and L.A.L.L.; writing—review and editing, M.A.D.V., A.A.F.B., and N.E.A.O., and L.A.L.L.; project administration, M.A.D.V. and L.A.L.L.; All authors have read and agreed to the published version of the manuscript.

Funding: No financial support was needed for the conduct of this research.

Acknowledgements: The authors thank Dr. F. P. A. Demeterio for his guidance in the conceptualization of this project.

Conflict of Interest: The authors declare no conflict of interest.

About the Authors

MACFLOR ANGELNINA D. VANGUARDIA (macflorvanguardia@gmail.com) graduated as Summa Cum Laude, after completing Bachelor of Arts in Philippine Studies, major in Filipino in Mass Media and minor in Creative Writing at De La Salle University. She was an active member of La Salle Dance Company - Folk (LSDC - Folk), an organization that aims to celebrate and appreciate the Philippine culture through dance. She was also the former Activities Head and Activities Director of Dalubhasaan ng mga Umuusbong na Mag-aaral ng Araling Filipino (DANUM DLSU), the home organization of the Philippine Studies major students. She is currently working for various assignments as a freelancer for Events and Production.

AGATHA ANDREA F. BORRAS (borrasagatha@gmail.com) has completed a Bachelor of Arts major in Development Studies with a minor in Philippine Language Studies at De La Salle University, Manila. She is an active member of the Movement for Agrarian Reform and Social Justice (KATARUNGAN). Her primary research interests include social science, particularly economics, political science, and sociology.

NATHAN ERON A. OLEGARIO (eronnathan.olegario@gmail.com) has completed a Bachelor of Arts in International Studies major in Japanese Studies with a minor in Philippine Language at De La Salle University, Manila. He is currently working as a Program Coordinator under The Japan Foundation, Manila.

LESLIE ANNE L. LIWANAG (leslie.liwanag@dlsu.edu.ph) is an Associate Professor in the School of Innovation and Sustainability of De La Salle University at Laguna. At 26, she earned her PhD in Philippine Studies at De La Salle University-Manila. Her teaching stint includes serving as a Full-Time Faculty Member at research-intensive universities such as Visayas State University, Central Luzon State University, and Polytechnic University of the Philippines. Her international engagements include Visiting Research Professorships at the Catholic University of America (2021 and 2023), Chinese University of Hong Kong (2024), and Princeton Theological Seminary's Overseas Ministries Study Center (2024 to 2025).